Mensahe Pito

# Ang Pagbabangon ng Diyos kay Debora bilang isang Hukom ng Israel at bilang isang Ina sa Israel Na Nagsagawa ng Pagpapasakop ng Babae sa Lalaki upang Mapanatili ang Pagtatalaga ng Diyos at Dalhin ang Buong Israel sa isang Wastong Kaayusan sa ilalim ng Pagkahari at Pagkaulo ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Mga Hukom 4—5

**I. Ipinakikita ng aklat ng Mga Hukom na nasaktan ng Israel ang Diyos sa pamamagitan ng pagtanggi sa Kanya bilang kanilang Hari; ito ay isang malaking katampalasanan, isang malaking kasamaan, sa paningin ng Diyos kung tatanggihan natin Siya bilang ating Hari, ating Panginoon, ating Ulo, at ating Asawang Lalaki—1 Sam. 8:7; 12:17, 19; Huk. 21:25; 17:6; Luc. 19:11-14; Jer. 11:13; Ezek. 16:24:**

A. Dapat nating patuloy na kunin, danasin, at tamasahin si Kristo bilang ating Hari, ating Panginoon, ating Ulo, at ating Asawang Lalaki nang sa gayon ay maging ating pagpapala Siya upang gawing tayong daluyan ng pagpapala tungo sa mga banal at sa lahat ng ekklesia—Mat. 2:2; Juan 1:49; Heb. 7:2; Isa. 32:1-2; 33:22; Fil. 2:9-11; Roma 14:6-9; 2 Cor. 4:5; Col. 2:19; Efe. 1:22-23; 2 Cor. 11:2-3; Hos. 2:19-20; Bil. 6:23-27; Awit 128:5; 48:2.

B. Nagsasalita ang Mateo 1:1 tungkol kay Kristo bilang "ang anak ni David, ang anak ni Abraham":

1. Dahil tayo ay mga rebelde, kailangan nating magsisi at tanggapin si Kristo bilang anak ni David, yaon ay, bilang ating awtoridad, bilang ating Tagapamuno at Hari, nang sa gayon ay makapamuno Siya sa loob natin at sa ibabaw natin sa kaharian ng Diyos.
2. Kapag taglay natin si Kristo bilang anak ni David, ang mas dakilang Solomon, matataglay rin natin Siya bilang anak ni Abraham, ang tunay na Isaac; nangangahulugan ito na lalo nating kinukuha si Kristo bilang ating Hari (ang anak ni David), lalo tayong nasa ilalim ng Kanyang pamumuno, lalo natin Siyang natatamasa bilang ating pagpapala (ang anak ni Abraham); ito ang pagpapala ng naprosesong Tres-unong Diyos bilang nagpapaloob ng lahat na Espiritu—b. 1; Gal. 3:14, 16, 29.
3. Sasanhiin tayo nito na maging mga daluyan ng pagpapala para sa pagsulong ng mga banal (ang kanilang paglago sa buhay) at para sa kanilang kagalakan ng pananampalataya (ang kanilang pagtatamasa kay Kristo); tinawag tayo upang magpala sa iba, kaya tayo, bilang isang pinagpalang bayan, ay dapat laging magpala sa iba upang mamana natin ang pagpapala—Fil. 1:25; 1 Ped. 3:9.

**II. Ibinangon ng Diyos si Debora bilang isang hukom ng Israel na nagsagawa ng pagpapasakop ng babae sa lalaki upang mapanatili ang pagtatalaga ng Diyos at dalhin ang buong Israel tungo sa isang wastong kaayusan sa ilalim ng pagkahari at pagkaulo ng Diyos —Huk. 4—5:**

A. Ginawa muli ng mga anak ni Israel ang masama sa paningin ni jehovah pagkatapos mamatay ni Ehud (4:1), kaya ipinagbili ni Jehovah ang Israel sa kamay ni Jabin na hari ng Canaan, na ang kapitan ng kanyang hukbo ay si Sisara; siya ay may siyamnaraang

karwaheng bakal, at lubha niyang pinagmalupitan ang Israel sa loob ng dalawampung taon—bb. 2, 3b.

B. Sa panahon ng Mga Hukom 4, ang mga lalaki ng Israel ay nabigo sa kanilang pangsyon ng pangunguna na itinalaga ng Diyos; ito ang nagpilit sa Diyos na gumawa ng isang bagay na di-pangkaraniwan at pambihira sa pamamagitan ng pagbabangon ng isang babae, si Debora, bilang isang hukom ng Israel; binago ng pagbabangon ng gayong babae ang buong kundisyon ng Israel—bb. 4-5.

C. Ang mga anak ni Israel ay dumaing kay Jehovah (b. 3a), at ibinangon si Debora, isang babaeng propeta, bilang isang hukom ng Israel; umuupo siya sa ilalim ng palma ni Debora, at ang mga anak ni Israel at pumupunta sa kanya para sa paghahatol (bb. 4-5).

D. Sa Biblia, ang isang wastong babae ay nagpapahiwatig ng isa na nagpapasakop sa Diyos, isa na nagpapanatili ng pagtatalaga ng Diyos; ito ang posisyon na dapat sana ay kinuha ng Israel sa harap ng Diyos bilang kanyang Hari, kanyang Panginoon, kanyang Ulo, at kanyang Asawang Lalaki, ngunit nilabag ng Israel ang pagtatalaga ng Diyos, iniiwan ang kanyang posisyon bilang asawang babae ng Diyos at tinalikuran Siya dahil sa daan-daang diyos-diyosan; dinala nito ang Israel tungo sa isang miserableng sitwasyon at kalagayan:

1. Si Samson ay isang Nazareo mula pa sa sinapupunan ng kanyang ina sa buong buhay niya; Hinahayaan ang Nazareo na humaba ang kanyang buhok, sumasagisag na siya ay mananatili sa pagpapasakop sa pagkaulo ng Panginoon, kung saan naroon ang kapangyarihan—Bil. 6:5; Huk. 16:17; 1 Cor. 11:3-6, 10, 15.
2. Ngunit kinukulit siya ni Delilah ng kanyang mga salita araw-araw at pinakikiusapan siyang sabihin sa kanya ang sikreto ng kanyang kapangyarihan hanggang "ang kanyang kaluluwa ay naligalig sa ikamamatay" (Huk. 16:16); dahil sa nakapapagod na taktika ni Satanas, si Samson ay nahulog sa patibong ni Satanas, inahit ni Delilah ang kanyang buhok, at siya ay nabihag ng mga Filisteo, naiwala ang kanyang Nazareong pag-aalay, ang kanyang kapangyarihan, ang kanyang patotoo ng pagpapabanal, at ang presensya ng Diyos (Dan. 7:25).
3. Yaong mga tumatanggap ng naiiba at maling pagtuturo na ang mga mananampalataya ay hindi dapat magpasakop sa kinatawang awtoridad na itinalaga ng Diyos ay mapasasamâ ng pagtuturong ito; sa atin (lalo na sa mga may asawang kapatid na babae—Efe. 5:22-24), dapat ay mayroong isang nagpapasakop na espiritu, katayuan, atmospera, at intensiyon; kung ikaw ay isang gayong tao, magkakaroon ng isang malaking pagpapala para sa iyo at para sa iyong kinabukasan.

E. Sa pamamagitan ng pagbasa sa awit ni Debora sa Mga Hukom 5, makikita natin na siya ay punô ng abilidad, kapasidad, malalim na pag-unawa, at pagkakita sa mangyayari, subalit ang gayong ekselente at may kakayahang tao ay napakamapagpasakop; ginawa siya ng Diyos na lider, subalit pinanatili niya ang wastong kaayusan at kinuha si Barak bilang kanyang panakip—4:6-9; cf. 1 Cor. 11:3-6, 10.

F. Natanto ni Debora na kailangan niya ang isang lalaki upang maging kanyang panakip; gaya ng sinasabi ni Pablo sa 1 Corinto 11:3: "ang ulo ng bawat lalaki ay si Kristo, at ang ulo ng babae ay ang lalaki, at ang ulo ni Kristo ay ang Diyos."

G. Nang ang ekselenteng, di-pangkaraniwang babaeng ito ay nanguna upang isagawa ang pagpapasakop ng babae sa lalaki, ang buong bansa ay pumasok sa isang ekselente at wastong kaayusan; lahat ng lider ay nanguna, ang buong bayan ay sumunod, at ang

*© 2021 Living Stream Ministry*

hukbo ay nabuo; ang bawat isa ay bumalik sa kanyang wastong posisyon sa harap ni Jehovah.

H. Kaya, makapagsasabi si Debora sa kanyang awit, "Sapagkat ang mga pinuno ay nanguna sa Israel, / Sapagkat kusang-kusang inihandog ng bayan ang kanilang sarili, / [Pagpalain] si Jehovah… / Bumaba nga ang nalabi sa mga maharlika;/ At ang bayan ni Jehovah ay bumaba [kasama ko] laban sa mga makapangyarihan"—Huk. 5:2, 13.

I. Ang una at pinakadakilang pangsyon ng mga kapatid na babae sa ekklesia ay ang maging mapagpasakop; kung matututuhan ng mga kapatid na babae ang araling ito, ang ekklesia ay lalakas, mapayayaman, at mapababago:

1. Ang maging mapagpasakop ay humihiling ng panustos ng buhay, ng pagtatamasa ng biyaya, ng paggawa ng krus, at ng pagtatatwa ng sarili.
2. Yaong mga napunuan ng Kristo ay napunuan ng pagpapasakop; ibinigay sa atin ng Panginoon, na mapagpasakop sa buong buhay Niya, ang Kanyang buhay ng pagpapasakop at pagsunod—Fil. 2:5-11; Heb. 5:7-9.
3. Ang pakasalan ng isang kapatid na babae ang isang kapatid na lalaki ay nangangahulugan na laan siyang mag-alay ng kanyang sarili at sabihing, "Ako ay laang magpasakop"; kung ang isang kapatid na babae ay hindi kailanman naglayon sa kanyang puso na magpasakop sa pakakasalan niya, hindi siya dapat maging asawa niya at hindi dapat magpakasal sa kanya—Efe. 5:22-23; 1 Ped. 3:1-6.

**III. Bumangon si Debora hindi lamang bilang isang hukom sa Israel bagkus bilang isang ina rin sa Israel—Huk. 5:7:**

A. Kapag naaabot ng buhay-ekklesia sa praktikalidad ang isang rurok, dapat magkaroon ng ilang tunay na ina sa bawat ekklesia; sinasabi ni Pablo sa Roma 16:13, "Batiin ninyo si Rufo, hinirang sa Panginoon, at ang kanyang ina at akin":

1. Kinailangan ni apostol Pablo ang isang ina; kung walang isang kapatid na babae na mangalaga sa kanila bilang isang ina, lahat ng nagpapasan ng kabigatan para sa paglilingkod sa Panginoon ay mamamanglaw; kailangan nating lahat ng kalinga ng mga espiritwal na ina, na ang kalinga ay siyang ating tunay na pagkain at ating tunay na proteksyon.
2. Ang pagkakaroon ni Pablo ng isang espiritwal na ina ay nagpapahiwatig na ang mga banal sa buhay-ekklesia sa Roma ay may isang paglipat ng buhay sa pamamagitan ng pagkapako sa krus at pagkabuhay na muli ni Kristo; ang pinakamainam na paraan upang magkaroon ng paglipat ng buhay ay sa pamamagitan ng pagsunod sa huwaran ni Pablo, na ipinasyang hindi malaman ang anuman maliban sa nagpapaloob ng lahat na Kristo, at ang Isa ito na ipinako sa krus—1 Cor. 2:2.

B. Ang Ebanghelyo ng Juan ay isang aklat ng buhay, hindi sa natural na buhay kundi sa nailipat at natranspormang buhay; sa orihinal, si Juan ay hindi anak ni Maria, at si Maria ay hindi ina ni Juan, subalit sa pamamagitan ng nagpapalaya ng buhay na kamatayan ni Kristo, sa pamamagitan ng Kanyang namamahagi ng buhay na pagkabuhay na muli, at sa pamamagitan ng Kanyang nakikipag-isang buhay sa kanila, ang Kanyang minamahal na disipulo ay maaaring maging kaisa Niya at maging anak ng Kanyang ina, at maaari siyang maging ina ng Kanyang minamahal na disipulo—19:26-27.

C. Ang ating unang relasyon ay sa laman, subalit ang ikalawa ay sa espiritu, yaon ay, sa nailipat na buhay; dahil mayroon tayong ikalawang kapanganakan (3:6), tiyak na tayo ay

may ikalawang relasyon, ang ikalawang relasyong pampamilya na kasama ang mga tunay na kapatid na babae at mga tunay na ina.

D. Kung ineensayo ng mga kapatid na babae ang kanilang espiritu ng panalangin at pananampalataya na maging mga tunay na ina (2 Cor. 4:13), matatanto nila kung gaano sila makasarili at kung gaano silang para sa kanilang sarili; ang pagkakaroon ng mabubuting anak sa espiritu ang maghahantad sa kanila nang lubusan; higit pa rito, ang mga kapatid na babae ay lalago at gugulang sa buhay sa pamamagitan ng pangangalaga ng ilang espiritwal na anak.

E. Kung iniibig ng mga kapatid na babae ang Panginoon at seryoso na maging para sa buhay-ekklesia sa pagbabawi ng Panginoon, kailangan nilang ituring ang kanilang sarili bilang mga nagilingkod na nars, bilang mga nars sa ekklesia, na nagbibigay ng kalinga sa ekklesia gaya ng isang tunay na ospital; lahat ng kapatid na babae ay kailangang maging mga naglilingkod na kapatid na babae sa pamamagitan ng panalangin at mga mapagmahal na ina sa pamamagitan ng pinakaekselenteng paraan ng pag-ibig upang tulungan ang mga nangangailangan at mga nakababata sa kanilang espiritwal na buhay at buhay-ekklesia; ito ang pinakamainam na paraan upang tanggapin ang pagpapala, ang paglago, ang espiritwalidad, at ang tunay na pagtatamasa sa Panginoon—Roma 16:1-2, 13; Isa. 66:12-13; 1 Cor. 12:31b; 13:4-7.

**IV. Sinasabi sa Biblia na sa panahong iyon sa gitna ng bayan ng Diyos, nagkaroon ng "mga dakilang pagpapasya sa puso," at nagkaroon ng "mga dakilang pagsisiyasat ng puso"—Huk. 5:15-16:**

A. Ang magkaroon ng isang dakilang pasya ay ang magkaroon ng isang matatag na desisyon, at ang magkaroon ng isang dakilang pagsisiyasat ay ang gumawa ng isang planong mamuhay sa Panginoon at ipamuhay ang Panginoon para sa Kanyang napapanahong pagbabawi sa pagtatayo ng Kanyang Katawan, ang paghahanda ng Kanyang kasintahang babae, at ang pagpasok ng Kanyang kaharian sa pagpapakita nito—2 Cor. 5:14-15; Roma 14:7-9; Apoc. 19:7-9.

B. Habang si kapatid Lee ay nasa proseso ng paniniil ng pulis militar na Hapon noong 1943, binigyan siya ng Panginoon ng isang panaginip kung saan nakita niya ang pagbubukang-liwayway, gaya ng pagbubukang-liwayway sa umaga, na may malapad na lansangan, napakaliwanag, tuwid na tuwid, at walang hangganang pasulong nang pasulong; ito ang malapad na lansangan, ang pagsikat ng araw, at ang walang hangganang kinabukasan ng pagbabawi ng Panginoon—cf. Kaw. 4:18.

C. Kailangan nating hangarin at ipanalangin na maging katulad niyaong inilarawan ni Debora sa dulo ng kanyang awit, na nagtatapos sa isang maluwalhating paraan: "[Ang mga umiibig sa Kanya] ay maging tulad [nawa] ng araw / Sa pagsikat niya sa kanyang kalakasan"—Huk. 5:31:

1. Ang pagsikat ng araw sa kalakasan nito ay nangangahulugan na ito ay nagniningning nang maliwanag, makinang, at maluwalhati; kung mararanasan ng lahat ng ekklesia ang mga pagpapasya, ang mga pagsisiyasat, at ang pagbangon upang sumikat gaya ng araw, tiyak na matatamasa nila ang Panginoon bilang kanilang tagumpay.
2. Ang mga mandaraig na muling nabuuan ng nakapagpapagaling na Kristo bilang Araw ng katuwiran ay magniningning gaya ng araw sa kaharian ng kanilang Ama—Mal. 4:2; Luc. 1:78-79; Mat. 13:43.

*© 2021 Living Stream Ministry*